

Administratibong Patakaran #SPU – DR-01-08
Pansamantalang Basura (Garbage), Patapon na Nagagamit na Muli (Recycling) at
Nagagawang Abono (Compostables) na Lalagyanan at Paglalagay ng Bag at Pag-
alis sa Kurba at sa mga Pampublikong Eskinita

Mungkahing Paksa sa Patakaran

1.0 Pambungad:

Ang SMC Section 15.04.010 ay nangangailangan ng street use permit (permiso na paggamit ng kalye) para sa sino man upang gumamit ng pangmatagalang “use” “paggamit” ng pampublikong lugar gaya ng eskinita, planting strip o bangketa. Gayonpaman, ang “use” “paggamit” ng mga pampublikong lugar ay nagpapayag ng pansamantalang paglalagay ng kustomer ng basura at mga recyclables para sa dakong kurba/eskinita na pangongolekta na mga alinsunod sa SMC 21.36.080. Ang SMC Section 21.36.080 B ay nagpapayag sa mga lalagyanan na mailagay sa bangketa o sa eskinita o planting strip hangga’t ang mga ito ay nakalagay nang “reasonable time prior to collection” “makatwirang oras bago ng pangongolekta” at maaalis “within a reasonable amount of time thereafter” “sa loob ng makatwirang katagalan ng oras pagkatapos niyan”.

Ang mga lalagyanan ay maaring kasama ang mga bunton ng basura sa bakuran, 12, 20 at 32 na gallon na mga lata ng basura, naitutulak na may mga gulong na 32-96 na gallon na mga kariton at isa hanggang 20 na yardang detachable na mga lalagyanan o mga dumpsters na ginagamit para sa pangongolekta ng basura, mga materyales na recyclable o organic na basura (basura sa bakuran at pagkain) ng mga residente o mga pangangalakal. Ang makatwiran na katagalan ng oras bago sa at pagkatapos ng pangongolekta na nakalathala sa patakarang ito ay nauukol hindi lamang sa lahat na nakontrata ng City na mga serbisyong pangongolekta para sa basura, mga materyales na nagagamit na muli (recyclable) at mga nagagawang abono (basura sa bakuran at pagkain) ngunit gayon din ang hindi-nakontratang, pribadong mga serbisyong pangongolekta rin. Hindi ito naiiral sa paglalagay ng mga lalagyanan sa lugar pampubliko kung saan ang street use permit (permiso sa paggamit ng kalye) ay natamo mula sa City.

2.0 Paglalagay ng Lalagyanan at Pag-alis ng “Reasonable” “Makatwirang” Katagalan ng Panahon Bago sa at Pagkatapos ng Pangongolekta sa Kurba at sa mga Eskinitang Pampubliko

Mga Latang Pangresidensiyal at Pangpangakalakal, Tinutulak na mga May-Gulong na Kariton at Detachable (yari sa metal gaya ng dumpsters) na mga Lalagyanan:

Ang mga latang pangresidensiyal at pangpangakalakal, tinutulak na may-gulong na mga kariton at detachable na mga lalagyanan (o mga dumpsters) na may basura, basurang nagagamit na muli (recyclables) o mga nagagawang pang-abono (compostables) ay maaring pansamantalang mailagay sa kurba, sa planting strip o sa eskinitang pampubliko hanggang sa 24 na oras bago ng kanilang nakaiskedyul na pangongolekta ng nakontrata ng City na maghahakot. Dapat silang maalis ng mga kustomer at maisauli sa kanilang ari-arian sa loob ng 24 na oras nang pagkakolekta. Ang mga bunton ng basura sa bakuran ay maari ring mailagay hanggang sa 24 na oras bago ng kanilang nakaiskedyul na pangongolekta. Gayonpaman ang karagdang naibag na basura na labas sa mga lata, tinutulak na mga may-gulong na mga kariton o detachable (yari sa metal gaya ng dumpster) na mga lalagyanan para sa pagpulot bilang basura ay maari lamang na mailagay sa labas para sa pangongolekta sa kurba, sa planting strip o sa eskinita 3 oras bago ng pangongolekta kung ang bag ay naglalaman ng mabubulok na basura. Maaring mailagay sa labas ito sa gabi bago ng pangongolekta kung ang bag ay naglalaman ng hindi bulukin na basura.

Dapat na walang permanenteng pagtatabi ng mga lata, tinutulak na may-gulong na mga kariton o detachable na mga lalagyanan sa mga eskinitang pampubliko, planting strips o sa mga eskinita maliban kung ang may-ari ng ari-arian ay walang lugar upang itago ang kanilang mga lalagyanan sa kanilang ari-arian o sa loob ng gusali. Kung gayon maiiwan lamang ang mga lalagyanan sa gilid ng mga eskinitang pampubliko basta ang mga ito ay nananatiling nakatakip, ang lugar na paligid nito ay napapanatiling malinis at hindi ito nakakahadlang sa mga nagdaraan o pagdaraan ng trapik ng sasakyan at paggamit. Maaring patibayan ng itinalagang tao ng Direktor ng SRU ang kakulangan ng hindi nasa ROW na lugar na pagtataguan.

3.0 Programang “Clear Alleys”:

Maraming mga pampublikong eskinita sa Downtown at Kalapit Pook na mga Distrito ng Pangangalakal ay naglalaman ng permanenteng solid waste dumpsters (mga malalaking lalagyanan ng lahat ng basura) na nagbibigay ng pagtatakip sa mga pag-aasal na di-sibilisado at labag sa batas, nakakahadlang sa mga nagdaraan at paggamit ng mga sasakyan pangtrapiko at nang-aakit ng labag sa batas na pagtatambak. Maraming mga pangangalakal na kustomer na nasa isang eksperimental na programa na nasa Pioneer Square ay pinalitan ang kanilang mga dumpsters na nakalagay sa mga eskinita ng mayroong madalas na kinokolekta na sistemang adenlantadong nabayaran na mga bag na nagbunga ng mas malinis at mas maligtas na mga eskinitang pampubliko. Ang nabayarang bag (prepaid bag) na sistema ay gagamitin ng mga pangangalakal, mga apartment at mga kondominyum sa Natalagang mga Distrito ng Pangangalakal umpisa sa Marso 30, 2009 sa pamamagitan ng kinontrata ng City na mga dalawang manghahakot para sa basura maliban kung mayroon silang lugar ng pagtataguan para sa mga lalagyanan sa pribadong propiyedad o pipiliin na sariling dalhin ang basura sa mga pagdadalang istasyon (transfer stations) ng City. Ang mga kontraktor ng City at pribadong mga kompanya sa pagrerecycle (mga bagay na patapon na maaring gamitin na muli) ay maghahandog ng nabayarang mga bag (prepaid bags) para sa mga mga bagay na patapon na maaring gamitin na muli (recyclables) at mga materyales na nagagawang pataba sa lupa (compostable) [gaya ng mga tirang pagkain (food scraps), nadumihan ng pagkain na mga papel (food soiled paper), mga pinagtabasan sa bakuran (yard trimmings)] kung walang nasa-lugar (on-site)/ na pagtataguan para sa mga lalagyanan sa propiyedad ng kustomer bagaman ang mga kart ay maaring magamit para sa ilang mga materyales na nasa ilalim ng mga bagay na kinakailanganin sa Seksiyon 9.

4.0 Designated Business Districts para sa “Clear Alleys” na Programa: Ang Designated Business Districts ay iyong mga tinalaga ng Direktor ng SPU para sa kasalukuyan o panghinaharap na pagsasama sa programang “Clear Alleys”. Sa 2009 isinama nila ang pinakakaunti:

- 1) Downtown (kasama ang Belltown)
- 2) Pioneer Square

Ang isa pang karagdagang Designated Business District na pinili ng Direktor ng SPU ay maaring idagdag sa 2009 kung ang pinakamarami sa mga kustomer ng pangangalakal sa distrito ay sasang-ayon. Ang iba ay pakonti-konting madaagdag habang sa mga susunod na mga taon pagkatapos na makabuo ang SPU ng pagsasagawang pag-aaproba. Ang mga Designated Business Districts na nagpahayag ng pagkainteresado sa programang “Clear Alleys” ay ang mga:

- 1) E. Olive/E. Union /Capitol Hill
- 2) International District
- 3) South Lake Union
- 4) Uptown/Lower Queen Anne
- 5) Fremont
- 6) University District
- 7) North of Campus
- 8) Columbia City
- 9) West Seattle Junction

5.0 Paglalagay ng Lalagyanan at Pag-aalis sa “Reasonable” “Makatwirang” Katagal ng Oras Bago sa at Pagkatapos ng Pangongolekta sa Mga Pampublikong Bangketa at Mga Eskinita sa saklaw ng Designated “Clear Alleys” Business Districts (Nitalagang “Clear Alleys” na Mga Distritong Pangangalakal):

Mga Lata, Tinutulak na May Mga Gulong na mga Kariton at Detachable (yari sa metal) na Mga Lalagyanan (o Mga Dumpsters): Ang mga latang pangresidensiyal at pangpangangalakal, may-gulong na mga kariton o detachable na mga lalagyanan na may basura, basurang maaring magamit na muli (recyclables) o mga nagagawang maging abono sa halaman (compostables) ay maaring mailagay sa kurba o sa dakong tabi ng pampublikong mga daraanang eskinita habang sa mga oras ng 7 ng gabi hanggang 7 ng umaga o hanggang sa 3 oras bago ng kanilang nakaiskedyul na pangongolekta ng nakontrata ng City o pribadong nangongolekta kung walang lugar na pagtatabihan na magagamit sa pribadong ari-arian.

Kailangan itong tanggalin ng kustomer at isauli sa kanilang ari-arian sa loob ng 3 oras nang pagkakolekta. Ang mga bunton ng basura sa bakuran ay maari ring ilagay hanggang 3 oras bago ng kanilang nakaiskedyul na pangongolekta. Ang tinalagahang tao ng Direktor ng SPU ay maari nitong tanggihan ang pagtatating magdamag sa mga lugar o ang pangsa-araw na pangongolekta ng mga lalagyanan.

Dapat na walang permanenteng pagtatabi ng mga lata, may-gulong na mga kariton at detachable na mga lalagyanan sa pampublikong mga bangketa at mga planting strips o sa mga eskinitang pampubliko.

6.0 Adelantadong Nabayaran na Nakodigohang May-Kulay na Bag na Panghalili sa Ginagamit na Detachable na Lalagyanan: Ang mga kustomer na pangresidensiya at pangpangakalakal na pinipili ang kinontratang-City na serbisyong ito, ay bibigyan ng adelantadong nabayaran na nakodigohang may-kulay na mga bag at iskedyul ng pangongolekta ng kanilang kinontrata ng City na tagahakot para sa basura, compostables at recyclables. Ang mga kustomer ay ilalabas ang adelantadong nabayaran na mga bag para sa pangongolekta na hindi mas marami kaysa sa tatlong oras bago nang nakaiskedyul na oras ng pamumulot.

Ang mga bag ay makokodigohang may kulay batay sa uri ng material na kokolektahin. Ang pribadong mga mangongolekta ng recycling ay maari nitong piliin na maghandog sa mga kustomer ng parehong serbisyo ng bag ay dapat na magbigay sa mga kustomer ng iskedyul ng oras ng pangongolekta. Ang mga kustomer ay ilalabas ang mga bag para sa pangongolekta na hindi mas marami kaysa sa tatlong oras bago nang nakaiskedyul na oras ng pamumulot.

7.0 Pag-aalis ng Mga Dumpsters sa “Clear Alleys” Sa Mga Naitalagang mga Distritong Pangakalakal:

Sa Downtown Core at Pioneer Square na Mga Natalagang mga Distritong Pangangalakal (Designated Business Districts) na mga lalagyanan na hindi maitatabi na nasa sa ROW ay tatanggalin sa pagitan ng 3/30/09 at 4/30/09. Ang mga kustomer na walang hindi nasa ROW na pagtatagaan para sa kanilang mga kariton o mga dumpsters ay kakailanganing gumamit ng adelantadong nabayaran na mga bag umpisa sa 3/30/09.

8.0 Mga Hangganan ng Designated Business District (Mga Naitalagang mga Distritong Pangakalakal) sa 2009

1) **Downtown:** Ang mga hangganan ng Downtown Designated Business District ay mga Elliot Bay sa kanluran, Bay Street hanggang Denny Way sa hilaga (timog na dako ng mga iyang kinaukulang mga kalye), Interstate 5 sa silangan (kanlurang dako ng haywey) at Yesler Way sa timog (hilagang dako ng karsada). Tingnan ang nakakabit na mapa ng “Downtown Area” “Lugar ng Downtown” para sa lahat ng mga naisamang mga kalye at mga eskinita. Ang mga pribadong kalye, mga eskinita at mga piyer ay hindi saklaw sa ilalim ng patakaran na ito.

2) **Pioneer Square:** Ang mga hangganan ng Pioneer Square na Natalagang Distrito ng Pangangalakal ay ang Elliot Bay sa kanluran, Yesler Way sa hilaga (dakong timog ng kalye), 4th Avenue S sa silangan (dakong kanluran ng karsada) hanggang sa S. King Street sa timog at pagkatapos ay sa kanluran sa buong kahabaan ng S. King Street hanggang sa Occidental Avenue S. (dakong kanluran ng karsada). Ang silangang hangganan niyan ay magiging Occidental Avenue S (dakong kanluran ng karsada) patimog sa South Royal Brougham Way (dakong hilaga ng karsada). Mula sa dakong timog na hangganan sa South Royal Brougham Way, ang hanggahang kanluran ay sinusundan ang 1st Avenue S. pahilaga sa Railroad Way S. at pagkatapos sa Alaska Way South pahilaga sa S. King Street. Tingnan ang nakakabit na mapa na “Downtown Area” para sa lahat na nakasamang mga kalye at mga eskinita. Ang mga pribadong kalye, mga eskinita at mga piyer ay hindi nasasaklaw sa ilalim ng patakarang ito.

9.0 Mga Hindi Kasali sa Patakarang/Batas na saklaw ng Natalagang mga Distrito ng Pangangalakal para sa Programang Paglilinis sa mga Eskinita:

Ang mga sumusunod na uri ng mga lalagyanan at mga materyales ay hindi kasama sa Patakarang ito na mayroong espisipikadong mga kondisyon:

1) Ang mga lalagyanang pangongolekta para sa nagamit na mga mantika sa panluto na nagagampanan ang mga pangangailangan ng pampubliko at pangkapaligirang kalusugan ay kategorikal na hindi kasama.

2) Nalagyang etiketa na mga Kart (32, 60 o 96 na galon) na may mahigpit na naangkop na mga takip para sa mga tirang pagkain na binubukod ang iba't-ibang pinanggalingan (source separated food scraps)/nadumihan ng pagkain na mga papel (food soiled paper) at mga pinagtabasan sa bakuran (yard trimmings) kung walang magagamit na nasa-lugar na pagtataguan sa pribadong propiyedad na napatunayan ng City. Ang nabayaran na mga bag (prepaid bags) na ginagamit para sa pangongolekta ng tinatawag na organic waste ay dapat munang maaprobahan ng Seattle Public Utilities.

3) Nalagyang etiketa na mga Kart (32, 60 o 96 na galon) para sa may yaring salamin kung walang magagamit na nasa-lugar (on-site) na pagtataguan sa pribadong propiyedad na napatunayan ng City.

4) Nalagyang etiketa na mga Kart (32, 60 o 96 na galon) para sa dumi ng hayop kung walang magagamit na nasa-lugar na pagtataguan sa pribadong propiyedad na napatunayan/na-beripika ng City.

Lahat na mga kustomer na interesado sa pagtatamo ng hindi pagsali para sa kart na paglalagyanan ng organic waste na basura, yaring salamin at dumi ng hayop at pangmahabang panahon na pagtatabi sa mga eskinitang pampubliko ay dapat na kontakin ang Seattle Public Utilities na papatunayan ang kawalan ng nasa-lugar na pagtataguan ng kart sa lugar na pribadong propiyedad.

10.0 Ang Epektibong Petsa sa Patakaran: Ang petsang pagkaepektibo para sa patakaran ito ay kapag kailan naipasok sa Seattle City Clerk.